# MODYUL SA KONTEKSTUWALISADONG KOMUNIKASYON SA FILIPINO



**Benguet State University**
**Kolehiyo ng Sining at Agham**
**DEPARTAMENTO NG HUMANIDADES**
**La Trinidad, Benguet**

**Inihanda nina:**
**Faustina T. Dio-as**
**Dominga S. Tomas**
**Mitche A. Aglasi**
**Eleazaar C. Cirilo**

## Paunang Salita

Ang KONKOMFIL ay isang praktikal na kursong nagpapalawak at nagpapalalim sa kontekstwalisadong komunikasyon sa wikang Filipino ng mga mamamayang Pilipino sa kani-kanilang mga komunidad sa partikular, at sa buong lipunang Pilipino sa pangkalahatan. Nakatuon ang kursong ito sa makrokasanayang pakikinig at pagsasalita, gayundin sa kasanayan sa paggamit ng iba't ibang tradisyonal at modernong midya na makabuluhan sa kontekstong Pilipino sa iba't ibang antas at larangan. Ang kontekstuwalisadong komunikasyon ay isang paraan ng paggamit ng wikang Filipino sa pakikipag-ugnayan sa kapwa.

Nadisenyo ang modyul na ito alinsunod sa pamantayan na itinakda para sa New General Education Curriculum na nakapaloob sa CHED Memo Order 20 serye 2013.

Ang modyul na ito ay nahahati sa lima. Ang nilalaman ng unang modyul ay ang pagtataguyod ng wikang pambansa sa mas mataas na antas ng edukasyon; ang ikalawang modyul ay pagpili ng batis ng impormasyon; ang ikatlong modyul ay mga gawing pangkomunikasyon ng mga Pilipino; ang ikaapat na modyul ay mga napapanahong isyung panlipunan ; at ang ikalimang modyul ay mga tiyak na sitwasyong pangkomunikasyon.

Ang mga tekstong nakapaloob sa modyul na ito ay naglalantad ng ilang totoong pangyayari sa lipunang Pilipino na inaasahang makatutulong sa mga mag-aaral upang lalo nilang maunawaan ang pangyayari sa kanilang kapaligiran. Sa pamamagitan nito, sila ay makapagmumungkahi ng solusyon sa mga pangunahing suliraning panlipunan, gayunding mapapalalim ang pagpapahalaga sa paggamit ng wikang Filipino sa pagpapahayag ng kaisipan hinggil sa iba't ibang makatotohanang paksang pag-uusapan na nakapaloob sa modyul.

## Sa aking Mag-aaral,

Inihanda ang modyul na ito sa layuning magsilbing susi at makatutulong sa paglinang ng iyong makrokasanayang pakikinig at

pagsasalita, gayundin sa kasanayan sa paggamit ng iba't ibang tradisyonal at modernong midya na makabuluhan sa kontekstong Pilipino sa iba't ibang antas at larangan.
Nawa, pagkatapos mong pag-aralan ang modyul na ito ay makatutulong sa pagpapaigting ng iyong pagmamahal sa sariling wika at kulturang kinagisnan at ikaw ay makapagpapamalas nang kahusayan sa pagpapahayag maging sa pasulat at pasalita.

Pagkatapos mong basahin ang bawat aralin ay may mga inihandang gawain o pagsasanay na iyong gagawin. Maaaring may mga karagdagan pang gawain na kailangan mong gawin na hindi nailagay sa modyul na ito. Ito ay aking ipadadala sa iyong email address.

Ang talatanungan para sa paggitna at pangwakas na pagsusulit ay hindi ko isinama sa modyul na ito. Ibibigay ko sa iyo ang talatanungan sa itinakdang oras ng pagsusulit.

Ang mga gawain sa iyong modyul ay kailangang maipasa mo sa itinakdang panahon. Anumang katanungan o klaripikasyon ay malaya kang makipag-ugnayan sa akin sa aking messenger (Eleazaar C. Cirilo) o maglagay ng mensahe sa aking email address sa *eleazaarc@gmail.com*. Basahin mo ang karagdagan pang detalye ng iyong kurso sa susunod na pahina.

| | |
|---|---|
| Kodigo ng Kurso | Filipino 21 |
| Pamagat ng Kurso | Kontekstuwalisadong Komunikasyon sa Filipino |

| | |
|---|---|
| Deskripsyon ng Kurso | Ang KONKOMFIL ay isang praktikal na kursong nagpapalawak at nagpapalalim sa kontekstuwalisadong komunikasyon sa wikang Filipino ng mga mamamayang Pilipino sa kani-kanilang mga komunidad sa partikular, at sa buong lipunang Pilipino sa pangkalahatan. Nakatuon ang kursong ito sa makrokasanayang pakikinig at pagsasalita, gayundin sa kasanayan sa paggamit ng iba't ibang tradisyonal at modernong midya na makabuluhan sa kontekstong Pilipino sa iba't ibang antas at larangan. |
| Semestre at Taon | Unang Semestre 2020-2021 |
| Bilang ng Yunit | 3 |
| Bilang ng Oras | 54 |
| Araw at Oras ng Klase | **BSED I-A (9:00-10:00 MWF)**<br>**BPEd I-A (2:00-3:00 MWF)** |

Ang mga dapat tandaan sa paggamit sa modyul na ito ay:

1. basahin at unawain ang mga aralin;
2. basahing mabuti ang mga panuto bago gawin ang inihandang pagsasanay;
3. at  kung mayroon kang nais linawin, huwag mag-atubiling kumonsulta sa akin.

Ang iyong guro,

**Prof**
**. ELEAZAAR C. CIRILO**

# Talaan ng Nilalaman


| Bilang ng Modyul | Aralin | Pahina |
|---|---|---|
| **1** | **ANG PAGTATAGUYOD NG WIKANG PAMBANSA SA** | |

| | | |
|---|---|---|
| | **MAS MATAAS NA ANTAS NG EDUKASYON AT LAGPAS PA** | |
| | Kasaysayan ng Wikang Filipino | |
| | Filipino ang Wika ng Mayorya, ng Midya, at ng mga Kilusang Panlipunan<br>Ang Wika sa Demokratiko at Mapagpalayang Domeyn na Mahalaga sa Pagbabagong Panlipunan | |
| | Papel ng Wika sa Pagsusuri | |
| **2** | **PAGPROSESO NG IMPORMASYON PARA SA KOMUNIKASYON** | |
| | Ang Komunikasyon | |
| | Kahulugan ng Komunikasyon | |
| | Mga Anyo ng Komunikasyong Di-Berbal | |
| | Pagpili ng Batis ng Impormasyon | |
| | Kahulugan ng Impormasyon | |
| | Pagproseso ng Impormasyon | |
| | Mga Kategorya ng Impormasyon | |
| | Mga Hakbang sa Pagproseso ng Impormasyon | |
| | Guro | |
| | Ang mga Etnolingguwistikong Pangkat sa Cordillera | |
| | Ang mga Sayaw at Musika sa Cordillera | |
| **3** | **MGA GAWING PANGKOMUNIKASYON NG MGA PILIPINO** | |
| | Tsismisan | |
| | Umpukan | |
| | Talakayan | |
| | Pagbabahay-bahay | |
| | Pulong-Bayan | |
| | Ekspresyong Lokal | |
| **4** | **ILANG MGA NAPAPANAHONG ISYUNG PANLIPUNAN** | |
| | Droga | |
| | Social Media | |
| | Kahirapan | |
| | May Kalidad at Makamasang Edukasyon | |

| | | |
|---|---|---|
| | Teenage Pregnancy | |
| | Trapiko | |
| **5** | **MGA TIYAK NA SITWASYONG PANGKOMUNIKASYON** | |
| | Pasalitang Pag-uulat | |
| | Forum o Pangkatang Pagpupulong | |
| | Seminar | |
| | Lektyur o Panayam | |
| | Worskhop | |
| | Symposium | |
| | Pagsasagawa ng Pulong o Miting | |
| **6** | **ANG KOMUNIKASYON SA SOCIAL MEDIA** | |
| | Komunikasyon sa Social Media | |
| | Epekto ng Social Media sa Komunikasyon | |
| | Video Conference | |
| | Kabutihan ng Video Conference | |
| | Komunikasyon sa Radyo at Telebisyon | |
| | Komunikasyon sa Radyo at Telebisyon (Online) | |
| | | |
| | **MGA SANGGUNIAN** | |


# Kabanata 1:

# Ang Pagtataguyod ng Wikang Pambansa sa Mas Mataas na Antas ng Edukasyon at Lagpas Pa

Matapos mong pag-aralan ang modyul na ito, inaasahang:

a. Naipaliliwanag ang papel ng wikang pambansa sa gitna ng pagkakaiba-iba ng mga wika sa isang bansa.
b. Nagagamit at nabibigyang-halaga ang sariling wika at kultura bilang tatak ng pagka-Filipino.
c. Natutukoy ang mga mahahalagang pangyayari sa kasaysayan ng wikang pambansa.


d. Naipaliliwanag ang kabuluhan ng wikang Filipino bilang mabisang wika sa kontekstuwalisadong komunikasyon;
e. Nailalahad ang gampanin ng wikang pambansa sa iba't ibang sitwasyong
pangkomunikasyon sa lipunang Pilipino.
f. Naipaliliwanag ang mahigpit na ugnayan ng pagpapalakas ng wikang
pambansa, pagpapatibay ng kolektibong identidad, at pambansang
kaunlaran; at
f. Nakapagpapahayag ng mga makabuluhang kaisipan kung bakit kailangang isulong ang wikang Filipino sa larangan ng edukasyon;

## Umpisahan Natin: Handa ka na ba?

Ipaliwanag ang pahayag sa ibaba upang mabatid ang kahandaan sa pagtatalakay ng leksyon.

Ang wikang Filipino ang nagiging simbolo, instrumento, at basehan ng ating pagkakakilanlan bilang mga Pilipino.

Sagot:___ibig sabihin ang wika ang nagsisilbing tattoo na nagpapakita na tayo ay pilipino para pag may nakausap tayong dayuhan madali nilang makikilala na tayo ay pilipino. Ito ang nagbibigay sa kanila ng pahiwatig na tayo ay isang Pilipino.
_______________________________________________________



**Tarukin Natin:**

Ngayong nabigyan mo na ng paliwanag ang pahayag sa itaas magpatuloy ka sa pagbabasa tungkol sa papel ng Wikang Pambansa sa gitna ng pagkakaiba-iba ng mga Wika sa bansa.

**Ang Papel ng Wikang Pambansa sa Gitna ng Pagkakaiba-iba ng mga Wika sa Bansa**

Isang larangan ng sosyolinggwistika na pinagtutuunan ngayon ng mga pag-aaral at pananaliksik ang tungkol sa pagkakaiba ng wika o varayti at varyasyon ng wika. Kaugnay ng mga pagpaplanong pangwika na isinasagawa sa mga bansa na multilinggwal ang mga tao, may mga isyung panglinggwistiko na kaugnay ng

pagkakaroon ng varayti ng wika: paano nagkakaroon ng mga pangkat ng mga tao na may isang varayti ng wikang sinasalita? Kailan sila nagkakaroon ng karaniwang varayti ng wika? Ang mga teo (istang neo-klasikal (Tollefson, 1991) ay nagbigay ng tepolohiya ng mga pangkatwika batay sa mga katangiang estruktural ng mga varayti ng wika sa degri ng pagkamultilinggwal at sa gamit ng mga varyasyong ito (Kelman, 1971; Fishman, 1968; Kloso, 1968). Nakabatay ang pagkakaroon ng varayti at varyasyon ng wika sa paniniwala ng mga linggwist ng pagiging heterogeneous o pagkakaiba-iba ng wika (Saussure, 1916) at "hindi kailanman magkakatulad ang anumang wika, ayon kay Bloomfield (1918). Dala ito ng magkakaibang pangkat ng tao na may iba't ibang lugar na tinitirahan, interes, gawain, pinag-aralan at iba pa. Sa pagdaan ng panahon, nagiging espesyalisado ang mga gawain at tungkulin ng tao at ito ay nagreresulta sa pagkakaiba-iba ng kultura at wika na siyang nagiging panukat sa progreso ng tao (Roussean, 1950). Ang mga pagkakaibang ito ng/sa wika ay nagbunga ng iba't ibang pagtingin, pananaw at atitud dito kaugnay ng di pagkakapantay-pantay ng mga wika pati ng mga tagapagsalita, kultura at sibilisasyon (Constantino, 2000). Magsisilbing patnubay ang pagtalakay na ilalahad sa papel na ito para sa mga propesor, estudyante, mananaliksik at ng mga nagpaplano ng wika sa edukasyon partikular sa varayti ng Filipino na ginagamit ngayon sa iba't ibang rehiyon ayon sa lugar ng taong nagsasalita (heograpiko) at ayon sa pangkat na kinabibilangan (sosyolek).

## Kahulugan at Uri ng Varayti ng Wika

Ang varayti ng wika ay ang pagkakaroon ng natatanging katangian na nauugnay sa partikular na uri ng katangiang sosyo-sitwasyunal na makatutulong sa pagkilala sa isang partikular na varyasyon o varayti ng wika. Ito rin ang pagkakaiba-iba sa uri ng wika na ginagamit ng mga tao sa bansa. Maaaring ang pagkakaiba ay nasa bigkas, tono, uri at anyo ng salita. Nagbigay si Cafford (1965) ng dalawang uri ng varayti ng wika. Una ay permanente para sa mga tagapagsalita / tagabasa at ang ikalawa ay pansamantala dahil nagbabago kung may pagbabago sa sitwasyon ng pahayag. Kabilang sa mga varayting permanente ay diyalekto at idyolek. Ang diyalekto ay batay sa lugar, panahon at katayuan sa buhay. Nakikita ito kaugnay ng pinanggagalingang lugar ng tagapagsalita o grupo ng tagapagsalita sa isa sa tatlong dimension: espasyo, panahon at katayuang sosyal. Maihahalimbawa rito ang mga diyalekto ng Tagalog na ayon sa iba't ibang lugar ng tagapagsalita tulad ng Tagalog-Bulacan, Tagalog-Batangas, Tagalog-Laguna, Tagalog-Cavite, Tagalog-Mindoro, Tagalog-Rizal at Tagalog-Palawan. Samantala ang idyolek ay isang varayti na kaugnay ng personal na kakanyahan ng tagapagsalita o wikang

ginagamit ng partikular na indibidwal. Ang mga tanda ng idyolek ay maaaring idyosinkratiko tulad ng paggamit ng partikular na bokabularyo nang madalas. Ayon pa rin kay Catford, permanente nang matatawag ang idyolek ng isang taong may sapat na gulang.

Ang Pansamantalang varayti ng wika ay kaugnay sa sitwasyon na ginagamit ang wika. Kasama rito ang register, mode at estilo. Ang register ay varayting kaugnay ng panlipunang papel na ginagampanan ng tagapagsalita sa oras ng pagpapahayag. Halimbawa nito ay: siyentipikong register, panrelihiyong register, akademikong register at iba pa. Ang estilo ay ang varayti na kaugnay ng relasyon ng nagsasalita sa kausap. Ang estilo ay maaaring formal, kolokyal at intemeyt o personal. Ang sa mode ay varayting kaugnay sa midyum na gunagamit sa pagpapahayag tulad ng pagsalita o pagsulat. Sa isang pangkat-wika o speech community makikita ang varsasyon ng wika sa pamamagitan ng:

a. mga taong bumubuo rito;
b. pakikipagkomunikasyon ng tao;
c. interaksyon ng mga tao;
d. sa mga katangian ng pananalita ng mga tao; at; .
e. sa sosyal na katangian ng mga tao.

**Papel ng Filipino sa Pagkakaroon ng Magkakaibang Wika sa Bansa**

Ano naman ang papel ng Filipino sa gitna ng magkakaibang wika sa bansa?
Kung ating babalikan ang kahulugan ng Filipino ayon sa KWF Resolusyon 96-1:

"Ang Filipino ay ang katutubong wikang ginagamit sa buong bansa bilang wika ng komunikasyon ng mga etnik na grupo. Katulad ng iba pang wikang buhay, ang Filipino ay dumaraan sa proseso ng paglinang sa pamamagitan ng paghihiram sa mga wika ng Pilipinas at di-katutubong wika at sa ebolusyon ng iba't ibang varayti ng wika para sa iba't ibang sitwasyon, sa mga nagsasalita nito na may iba't ibang saligang sosyal at para sa mga paksa ng talakayan at iskolarling pagpapahayag... "

Sa pagkakaroon ng kaalaman sa mga varayti ng wika, magkakaroon ng pagbabago sa atityud ng mga Filipino sa wikang Pambansa. Mabubuksan ang kamalayan ng bawat isa sa atin na mayroon pala tayong bahagi o papel sa pagpapaunlad ng Filipino. Magiging aktibo ang partisipasyon ng lahat sa gawaing ito at mas lalago at madedevelop ang isang varayti o sariling varayti ng wika kung madalas gagamitin at tatangkilikin ang Filipino ng iba it ibang tagapagsalita ng katutubong wika.

Isang bagong larangan din ito, na kakikitaan ng mga paksa at gawaing kailangang saliksikin ng mga guro at mag-aaral sa anumang antas ng pag-aaral hindi lamang sa antas gradwado. Mula sa mga salita at

diskurso, isagawa ang mas malalim na pagsusuri ng mga sinasalita at pasulat na anyo ng wika ng mga tao sa iba't ibang pangkat o grupo, sa iba't ibang lugar.

Sa larangan naman ng pagtuturo, mahalaga ang pagkakaroon ng mga mag-aaral at guro ng malinaw na pananaw tungkol sa konsepto ng varayti at varyasyon ng wika. Sa gayon, makikita ng mga mag-aaral na bawat grupo, komunidad at rehiyon na gumagamit ng wika ay hindi iba o naiiba kundi kasali at kabahagi ng pambansang wika at kultura. Mawawala ang mababang pagtingin sa mga wika ng mga taong hindi kapangkat o karehiyon. Makikita rin ang kontribusyon ng ibat ibang wika sa bansa sa pagpapaunlad ng Filipino. Mayamang balon na mapagkukunan ang mga rehiyonal na wika ng mga kaalaman at datos mula sa kanilang etnolinggwistiko, sosyal at komunidad na kinabibilangan. Dala-dala ito ng mga mag-aaral sa kanilang pagpasok sa klase. At ibinabahagi nila ito sa mga interaksyon na nagaganap sa klase. Nabibigyang halaga rin nila ang kanilang sari-sariling wika at kultura bilang bahagi ng pambansang wika at kultura.

Bilang pagwawakas, isang paalala ang iniiwan ko sa inyo, na huwag nating sayangin ang yaman ng wika na nasa pintuan na ng ating mga silid-aralan. Huwag nating pabayaan na ang mga dayuhan pa ang tumuklas nito. Tayong mga nagtuturo at nag-aaral ng wika sa ating bansa ang magkusa at magsikap na pag-aralan ang pagkakaiba-iba ng wikang Filipino na sinasalita ng kasalukuyang henerasyon ayon sa lugar at pangkat na kinabibilangan. Makatutulong ito sa pagbuo ng isang patakaran sa wika na angkop sa lahat ng mga Filipino.

---



**Mag-ensayo Tayo 1:**
Panuto: Sagutin ang mga tanong na kaugnay ng binasang teksto.

Panuto: Basahing may pang-unawa ang pahayag sa bawat aytem. Kung ang pahayag
ay wasto, **TAMA** ang isulat. Kung ang pahayag ay hindi wasto, **MALI**
naman ang isulat. Isulat sa laang patlang ang sagot.

tama____1. Nakabatay ang pagkakaroon ng varayti at varyasyon ng wika sa paniniwala
ng mga linggwist hinggil sa pagiging heterogeneous o pagkakaiba-iba ng
wika at "hindi kailanman sa pagkakatulad o uniformidad ng anumang wika"

_tama___2. Ayon kay Cafford (1965), may dalawang uri ng varayti ng wika. Una ay
permanente para sa mga tagapagsalita / tagabasa at ang ikalawa ay

pansamantala dahil nagbabago kung may pagbabago sa sitwasyon ng pahayag.

__tama__3. Ang diyalekto at idyolek ay kabilang sa mga varayting permanente.

_tama___4. Ang idyolek ay isang varayti na kaugnay ng personal na kakanyahan ng tagapagsalita o wikang ginagamit ng partikular na indibidwal.

__tama__5. Ang register ay varayting kaugnay ng panlipunang papel na ginagampanan ng tagapagsalita sa oras ng pagpapahayag.

__tama__6. Sa depinisyong ayon sa KWF Reoslusyon 96-1, "Ang Filipino ay ang pambansang wikang ginagamit sa buong bansa bilang wika ng komunikasyon ng mga etnikong grupo.

_tama___7. Ang pagkakaroon ng varayti at varyasyon ng wika ay data ng nagkakaibang pangkat ng tao na may iba't ibang lugar na tinitirahan, interes, gawain, pinag-aralan at iba pa.

tama_____8. Ang diyalekto ay batay sa lugar, panahon at katayuan sa buhay.

__tama___9. Ayon kay Catford, permanente nang matatawag ang idyolek ng isang taong may sapat na gulang.

_tama____10. Ang Filipino ay dumaraan sa proseso ng paglinang sa pamamagitan ng paghihiram sa mga wika ng Pilipinas.

---

*Magpatuloy sa pagbabasa*

**Rehistro at Mga Varayti ng Wika**

Ayon sa mga linggwista, ang rehistro ay simpleng varayti at/o baryasyon sa paggamit ng wika partikular sa kontekstong panlipunan na gumagamit ng mga tiyak na salitang hindi madalas ginagamit sa ibang konteksto. Sa lalong madaling salita, ang rehistro ay kung paano inuunawa o binibigyang kahulugan ng isang larang ang isang partikular na salita o termino. Sa IT, halimbawa, ang mouse ay nangangahulugang isang input device na ikinakabit sa kompyuter upang mapadali ang pagmanipula rito, ngunit sa pagsasaka ay isa itong maliit, mapanirang hayop kaya itinuturing na peste.

Tunghayan sa ibaba ang paghahambing sa mga varayti ng wika:

## Wika laban sa Diyalekto

<table>
<tr><th>Wika</th><th>Diyalekto</th></tr>
<tr><td>• Mas malawak at malaki kaysa sa diyalekto<br>• Mas marami ang gumagamit kaysa sa diyalekto<br>• May cognate na maiintindihan ng mayorya sa bansa<br>• Walang mutual intelligibility<br>• Wika ang Bikol, Tagalog, Bisaya, Kapampangan, Waray, Iloko/Ilokano<br>• May mayamang diksyonaryo, gramatika at gamit sa mataas na antas ng pagtuturo<br>• May prestihiyo kaysa sa diyalekto</td><td>• Tinatawag ding wikain, lalawiganin, dayalek<br>• Varyant ng isang'malaking wika<br>• Mas maliit, -limitado ang saklaw, mas kaunti ang gumagamit kaysa sa wika<br>• Nakabatay sa heograpiya/maliliit na lugar<br>• May mutual intelligibility<br>• May pagkakahawig ang ispeling/tunog ng mga salita<br>• May stereotype<br>• May punto kaysa sa iba</td></tr>
<tr><td colspan="2">• May pagkakaiba ang isang: diyalekto sa gramatika at bokabulary o<br>• kapwa-diyalekto sa tatlong aspekto: pagbigkas, gramatika at bokabularyo<br>• Wika ang Ingles subalit diyalekto ang British English, Scottish English at American English<br>• Gayundin ang yaya English, Taglish, Inggalog, carabao English, Philippine English, kolehiyala English, bargirl English<br>• Mauuri sa dalawa ang diyalekto: rehiyonal at sosyal<br>• Rehiyonal na diyalekto: kung saan ka nanggaling<br>• Sosyal na diyalekto: saan ka nabibilang<br>• Madalas na pinagmumulan ng katatawanan at pagmamaliit.<br>• Mauuri din sa tatlo: diyalektong heograpiko (espasyo), temporal (panahon) at sosyal (katayuan sa buhay).<br>• Diyalekto ang tawag sa pagkakaiba-iba sa loob ng isang wika.</td></tr>
</table>

## Sosyolek laban sa Idyolek

| Sosyolek | **Idyolek** |
| --- | --- |

| | |
|---|---|
| • Varayti sa paggamit ng wika na nag-iiba-iba depende sa katayuan sa lipunan.<br>• Varayting nabubuo batay sa dimensyong sosyal, ibig sabihin nakabatay sa mga pangkat-panlipunan.<br>• Halimbawa ay pangkat ng mga bata, bakla, preso, abogado, inhenyero, nars, doktor at iba pa. | • Ang ikinatatangi ng Idyolek sa paraan ng pagsasalita ng isang tao<br>• Tumutukoy rin ito sa dalas ng paggamit/pagbanggit ng salita/parirala/pahayag na ginagaya ng marami.<br>• Varayti marami ng wikang kaugnay sa personal na kakayahan ng isang tagapagsalita.<br>• Anumang pekyulyaridad sa paggamit ng wika. |

**Pidgin laban sa Creole**

| **Pidgin** | **Creole** |
|---|---|
| • Varayti ng wika na nabuo/nabubuo dahil sa pangangailangan at praktikalidad.<br>• Nangyayari ito sa pakikipagkalakalan na hindi alam ang wika ng iba.<br>• Wala itong katutubong ispiker.<br>• Walang komplikadong gramatika at may limitadong talasalitaan.<br>• Madalas na hango sa isang wika ang usapan at ang estruktura naman ay sa iba ring wika.<br>• Halimbawa "Suki, ikaw bili tinda mura." | • Dati ay Pidgin na napaunlad o nalinang sapagkat inangkin ng kusang lehitimong grupo o pangkat.<br>• Mas marami itong katutubong ispiker kaysa Pidgin.<br>• Hindi na lamang ito wika ng "hilaw na pakikipagkalakalan' kundi'y naging wika na ng isang pamayanang panlipunan.<br>• Kongretong halimbawa nito ang Chavacano. |

**Punto laban sa rehistro**

| **Punto** | **Rehistro** |
|---|---|
| • Tinatawag ding accent<br>• Lahat ng tagapagsalita ay may | • Nakabatay sa kung ano ang iyong ginagawa |

| | |
|---|---|
| punto, mas halata nga lamang sa iba<br>• Tumutukoy sa kung paano bumibigkas ang isang tao<br>• Iba ang punto ng isang Bikolano, sa isang Batanggenyo, sa isang Bisaya, sa isang Ilokano... | • Sinasabi ring intelektwalisasyon ng wika<br>• Nakabatay sa trabaho: abogado, pari, isports, guro<br>• Nakabatay sa gamit at hindi sa gumagamit |

**Speech community laban sa communicative competence**

| Speech Community | Communicative Competence |
|---|---|
| • Grupo ng mga taong hindi kailangang gumagamit ng iisang wika subalit may pinagsasaluhang mga istandard at tuntunin sa paggamit ng wika<br>• Halimbawa ay mga blogger na Filipino, mga parloristang Filipino, ang wika sa mga tabloid. | • Hindi man gamay ang paggamit sa isang sabihin nito at kung anong mga pag-uugali ang akma para dito.<br>• Nakasalalay sa kakayahang ito ang pagpili aano at kailan ito sasabihin. |

---



## Mag-ensayo Tayo 2:

A. Panuto: Tukuyin kung ano ang binabanggit sa bawat aytem. Isulat ang sagot sa laang patlang.

_diyalekto_____1. Ito ang naiwang maliliit na varyant o pagkakaibaba sa loob ng isang wika.
_speech community2. Ang halimbawa nito ay wika ng mga blogger na Filipino, mga parloristang Filipino, at maging ang wika sa mga tabloid.
communicative competence_3. Sa kakayahang ito nakasalalay ang pagpili kung ano ang sasabihin, gayundin sa kung paano at kailan ito sasabihin.
_punto_4. Tinutukoy nito kung paano bumigkas ang isang tao.
_creole_5. Ang Chavacano ang kongkretong halimbawa nito.
_sosyolek 6. Ito ay varayting nabubuo batay sa dimensyong sosyal, ibig sabihin
nakabatay samga pangkat-panlipunan.
_idyolek_7. Tumutukoy ito sa anumang pekyulyaridad sa paggamit ng wika.
_pidgin_8. Ito ay varayti ng wika na nabuo/nabubuo dahil sa pangangailangan at
praktikalidad.

_idyolek_9. Tumutukoy ito sa ikinatatangi sa paraan ng pagsasalita ng isang tao.
__rehistro_10. Sinasabi o tinatawag din ito bilang intelektwalisasyon ng wika.
\

*Muli kang magpatuloy sa pagbabasa at pagkatapos ay muling magpatuloy sa mga gawain. Kaya mo yan, ikaw pa!*

**Kasaysayan ng Wikang Filipino**

Noon pa mang sinulat ang 1935 Konstitusyon, nabanggit na ang pagkakaroon ng wikang pambansa. Nakasaad sa Artikulo 14 Seksiyon 3 na, “Ang Konggreso ay gagawa ng hakbang tungo sa pagpapaunlad at pagpapatibay ng isang wikang pambansa na batay sa isa sa mga umiiral na katutubong wika.” (Art. 14, Sek 3)

Noong 1936, itinatag ni Pangulong Manuel Quezon ang Surian upang mamuno sa pag-aaral at pagpili ng wikang pambansa. Tungkulin ng Surian na magsagawa ng pananaliksik, gabay at alituntunin na magiging batayan sa pagpili ng wikang pambansa ng Filipinas. Si Jaime de Veyra ang naging tagapangulo ng komite na nagsagawa sa pag-aaral, at napili nito ang Tagalog bilang batayan ng “Wikang Pambansa”.

Ipinalabas ni Pangulong Quezon noong 1937 ang Kautusang Tagapagpaganap Blg. 134 na nag-aatas na Tagalog ang batayan ng wikang gagamitin sa pagbubuo ng wikang pambansa. Dahil sa pagsusumikap ni Pangulong Quezon na magkaroon tayo ng wikang pagkakakilanlan, hinirang siyang “Ama ng Wikang Pambansa”.

Noong 1940, ipinalabas ni Pangulong Quezon ang Kautusan Tagapagpaganap Blg. 203 na nagpapahintulot sa pagpapalimbag ng Talatinigang Tagalog-Ingles at Balarila sa Wikang Pambansa. Pinasimulan din nito ang pagtuturo ng Wikang Pambansa sa lahat ng mga paaralan sa buong bansa.


Noong 1959 nagpalabas si Kagawaran ng Edukasyon Kalihim Jose Romero ng Kautusan Blg. 7 na nagsasaad na Pilipino ang opisyal na tawag sa wikang pambansa.

Sa 1973 Konstitusyon noong kapanahunan ni Pangulong Ferdinand Marcos, nakasaad sa Artikulo 15 Seksiyon 2 at 3 na “ang Batasang Pambansa ay magsasagawa ng mga hakbang tungo sa pagpapaunlad ng pormal na paggamit ng pambansang wikang Pilipino. Hangga’t hindi binababago ang batas, ang Ingles at Pilipino ang mananatiling mga wikang opisyal ng Pilipinas.”

Noong panahon naman ng Rebolusyonaryong Gobyerno sa ilalim ni Pangulong Corazon C. Aquino muling binago ang Konstitusyon noong 1987 kung saan nakasaad sa Artikulo 14 Seksiyon 6 na: “Ang wikang pambansa ng Pilipinas ay Filipino. Samantalang nalilinang, ito dapat ay

payabungin at pagyamanin sa salig sa umiiral na wika sa Pilipinas at sa iba pang mga wika."

Mahalaga ang papel ng mga wikang katutubo sa pagpapayaman ng Filipino, na sa ngayon ay nagbabago ang anyo. Idinagdag sa alfabetong galing sa Tagalog ang mga letra na f, j, q, v, at z. Dahil dito, ang dapat na maging baybay ng pangalan ng ating bansa ay Filipinas at ang pambansang wika ay Filipino, gaya ng ipinanukala ng Pambansang Alagad ng Sining sa Literatura Virgilio Almario sa kaniyang librong Filipino ng mga Filipino: Mga *Problema sa Ispeling, Retorika, at Pagpapayaman ng Wikang Pambansa*. Tama rin na isama ang mga letrang tulad ng *f* at *v* kung gusto nating makapag-ambag talaga ang mga wikang katutubo sa wikang pambansa. Halaw ang mga ito sa mga magagandang wika ng mga Ivatan, Ifugaw, at Manuvu na katutubong grupo sa bansa.—John Iremil E. Teodoro, 2009 (Hinalaw sa https://www.gmanetwork.com/news/news/nation/171158/kasaysayan-ng-wikang-filipino/story/)



**Mag-ensayo Tayo 3:**

Saganang naunawaan mo na ang iyong binasa, sagutin ang mga tanong na kaugnay ng binasang teksto. Gamitin ang sumusunod na mga graphic organizer.

1. Ano-ano ang mahahalagang pangyayaring naganap sa kasaysayan ng wikang Filipino?

1935-nabanggit ang pagkakaroon ng wikang pambansa.

> Ang Konggreso ay gagawa ng hakbang tungo sa pagpapaunlad at pagpapatibay ng isang wikang pambansa na batay sa isa sa mga umiiral na katutubong wika." (Art. 14, Sek 3)

1936-itinatag ni pangulong Manuel L. Quezon ang surian upang mamuno sa pagpili at pagaaral ng wikang pambansa.

> Si Jaime de Veyra ang naging tagapangulo ng komite na nagsagawa sa pag-aaral, at napili nito ang Tagalog bilang batayan ng "Wikang Pambansa".

1937- paglalabas ni pangulong Quezon ng kautusan blg.134 na tagalog ang magiging batayan ng wikang pambansa

>tinaguriang "ama ng wikang pambansa" ang pangulo dahil sa kanyang pagsusumikap na mapayaman ang wikang pambansa.

Mga mahahalagang Pangyayaring Naganap sa Kasaysayan ng Wikang Filipino

1940-paglalabas ng pangulong Quezon ng kautusan blg. 203 na nagpapahintulot sa pagpapalimbag ng Talatinigang Tagalog-Ingles at Balarila sa Wikang Pambansa.

>pagsimula ng pagtuturo ng wikang pambansa sa mga paaralan sa buong bansa

Sa kasalukuyan tuloy tuloy parin an gang paglilinang sa ating wikang pambansa kung saan pinagaaralan ang mga maari pang gawin upang lalong mapayaman ito.

1987-kapanahunan ng Rebolusyonaryong Gobyerno sa ilalim ni Pangulong Corazon C. Aquino

> Artikulo 14 Seksiyon 6 na: “Ang wikang pambansa ng Pilipinas ay Filipino. Samantalang nalilinang, ito dapat ay payabungin at pagyamanin sa salig sa umiiral na wika sa Pilipinas at sa iba pang mga wika.”

1973-kapanahunan ni pangulong Ferdinand Marcos.

>Artikulo 15 Seksiyon 2 at 3 na “ang Batasang Pambansa ay magsasagawa ng mga hakbang tungo sa pagpapaunlad ng pormal na paggamit ng pambansang wikang Pilipino. Hangga’t hindi binabago ang batas, ang Ingles at Pilipino ang mananatiling mga wikang opisyal ng Pilipinas.”

1959-paglalabas ni Kagawaran ng Edukasyon Kalihim Jose Romero ng kautusan blg 7 na nagsasaad na Pilipino ang opisyal na tawag sa wikang pambansa.

## Filipino ang Wika ng Mayorya, ng Midya, at ng mga Kilusang Panlipunan: Ang Wika sa Demokratiko at Mapagpalayang Domeyn na Mahalaga sa Pagbabagong Panlipunan

Halos lahat ng mga Pilipino ay marunong nang mag-Filipino. Lahat ng respondent sa pambansang survey ng KWF noong 2014 – na sumaklaw sa 3, 506 tao na edad 15-20 at 22-60 mula sa 19 na lugar sa Luzon, Visayas, at Mindanao – ay nagsabing ginagamit nila ang wikang Pambansa (Delima, 2017). Filipino rin ang dominanteng wika sa midya, gaya ng pinatutunayan ng wikang ginagamit sa mga palabas sa primetime sa halos lahat ng libreng channel sa telebisyon, Filipinisasyon ng mga pelikula, carton at television series mula Estados Unidos, Korea, Taiwan, Japan, Amerika Latina atbp., at pangingibabaw na rin ng Filipino sa FM radio stations (lagpas pa sa dati na nitong dominasyon sa AM radio stations). Mula noon (Gimenez Maceda, c. 1997 at Atienza, 1992) hanggang ngayon, Filipino ang default na wika ng mga kilusang panlipunan sa Pilipinas, gaya rin ng pinatutunayan sa mga nilalamang larawan at pahayag ng iba’t ibang organisasyon sa www.arkibongbayan.org (arkibo ang aktibidad ng mga kilusang panlipunan sa bansa), gayundin sa www.pinoyweekly.org (progresibong pahayagang online) at www.ibon.org (bilinggwal na progresibong think tank), bukod pa sa mga popular na slogan ng mga kilusang panlipunan sa bansa na pawang nasa Filipino gaya ng “Imperyalismo, ibagsak! Burukrata-kapitalismo, ibagsak! Pyudalismo, ibagsak!”; “Lupang ninuno, depensahan, depensahan, ipaglaban!”; “Wika at bayan, ipaglaban! Makabayang edukasyon, ipagaban!”; “Edukasyon, karapatan ng

mamamayan, ipaglaban!"; "Edukasyon, hindi gera; libro, hindi bala!"; "Makibaka,-wag matakot!"; "Trabaho sa Pinas, hindi sa labas!"; "Itaas ang sahod, 750 pesos, across-the-board, nationwide!"; "Tunay na reporma sa lupa, ipaglaban!"; "Asyenda, buwagin; olagirkaya, lansagin!"; "Itigil ang pamamaslang: katarungan, ipaglaban!"; "Lupa, sahod, trabaho, pabahay, edukasyon at karapatan, ipaglaban!" at marami pang iba.

Samakatwid, Filipino ang wika sa mga tatawagin kong demokratiko at mapagpalayang domeyn – ang larangan ng publikong diskurso, ang ordinaryong talastasan ng mga mamamayan, ang pakikipagkomunikasyon ng Pilipino sa kapwa Pilipino, ang pagpapahayag ng hinaing at pagpapahayag ng matapat at makabuluhang opinyon, ang diskursong kontra-gahum, kontra-agos at kontra-establisimyento, ang diskurso ng pagbabagong panlipunan versus English na dominanteng wika pa rin sa Pilipinas sa domeyn ng kapangyarihan – ang diskurso ng establisimyento, ang diskursong elite at elitista, ang diskurso ng status quo, ng reaksyon, ng pagpapanatili sa sistemang pinakikinabangan at pinangingibabawan lamang ng iilang dinastiya at korporasyon. Kung gayon, wikang Filipino, "sariling wika ang siyang maagpapalaya sa sambayanang gapos ng tanikala," sabi nga sa awiting "Speak in English Zone" ni Prop. Joel Costa Malabanan, ang wikang akma sa edukasyong makabayan. Edukasyong naka-angkla sa pangangailangan ng Pilipinas at ng mga Pilipino, ng edukasyong pinapangarap ni Renato Constantino sa kanyang sanaysay na "Miseducation of the Filipino", ang wikang pinakamabisang paraan para maunawaan ng "sambayanan ang kaniyang suliranin, at kung paano malulutas ang mga ito.

Kung mabilis na nagkakaunawaan ang mga mamamayan, mabilis din ang ating pagsulong sa pangarap nating maalwang bukas para sa lahat", kaya't nararapat lamang na "itaguyod ang wikang Filipino at Panitikang Filipino tungo sa pagtuklas at pagtahak sa landas ng kaunlarang akma sa ating karanasan at kolektibong pangarap" (San Juan, 2017). Kaugnay ng pananaliksik, dapat lamang na bigyang-prayoridad ang produksyon ng kaalaman sa wikang sarili, gaya ng binibigyang-diin sa posisyong papel ng Departamento ng DLSU (2014): "ang pagkakaroon ng asignaturang Filipino ay nakapag-aambag sa pagiging mabisa ng community engagement" ng mga unibersidad "sapagkat ang wikang Filipino ang wika ng mga ordinaryong mamamayan sa mga komunidad na ating pinaglilingkuran," kaya't sa pamamagitan nito lamang maapalalakas ang ugnayan ng akademya at ng mga ordinarong mamamayan tungo sa "Filipinisasyon ng mga pananaliksik ng iba't ibang departameno at kolehiyo sa pamantasan" na "makakatulong din nang malaki sa pagtitiyak na ang ating mga pananaliksik ay higit na magiging kapaki-pakinabang sa ating mga kababayan." –David Michael San Juan, Convenor Tangool Wika, 2017.
(Hinalaw sa https://www.academia.edu/7829211/Position_Paper_Filipino_Language_Culture_and_Literature_in_the_College_Curriculum San Juan, David Michael)



**Mag-ensayo Tayo 4:**

A. Sagutin ang sumusunod na tanong ayon sa nilalaman ng teksto:

1. Ano ang nais ipabatid ng sanaysay sa mga mag-aaral na kumukuha ng asignaturang Filipino?

Ang nais ipabatid ng sanaysay sa mga mag aaral ay kilangan nilang pagbutihin, mahalin, pagyabungin, at tangkilin upang sa gayon ay mas lalo pang makatulong ito sa pagpapaunlad sa wikang pambansa.

2. Ano-ano ang gampanin ng wikang pambansa sa iba't ibang sitwasyong pangkomunikasyon sa lipunang Pilipino?

Ang wikang pambansa ay nagiging daan upang ang mga Pilipino ay madaling magkakaunawaan. Isa pa ay ito ay nagiging simbolo ng ating pagkapilipino. Nagagamit ang wikang Filipino sa paghahatid ng mga mahahalagang impormasyon tungkol sa mga kaganapan sa ating bansa.

3. Ipaliwanag ang pahayag ni San Juan, "Itaguyod ang wikang Filipino at Panitikang Filipino tungo sa pagtuklas at pagtahak sa landas ng kaunlarang akma sa ating karanasan at kolektibong pangarap."

Ibig sabihin ng pahayaag ay bawat Pilipino ay kailangan dapat tangkilin at mahalin ang sariling wika upang sa gayon ay makatulong din ito upang malutas ang ibang mga suliranin ng bansa gaya ng brain drain (o ang pagkaubos ng mga propesyonal ng bansa dahil sa kakulangan ng trabaho ditto sa ating bansa)



**Gawain:**

Sagutin ang mga sumusunod ayon sa kahilingan.

A.Panuto: Magtala ng limang teknikal na terminolohiyang may iba't ibang kahulugan batay sa disiplina/propesyong pinanggagamitan. Ibibay ang kahulugan nito. Ilagay ang sagot` inilaang hanay.

| **Terminolohiya** | **Disiplina** | **Kahulugan** |
|---|---|---|
| 1.suso | • Anatomiya ng tao<br>• pagsasaka | • Ito ay bahagi ng katawan ng tao<br>• Isa itong uri ng hayop |
| 2.upo | • Aksyon<br>• pagsasaka | • Isang aksyon na kung saan |

| | | |
|---|---|---|
| | | inilalagay ang sarili o bagay na kung saan ang katawan ay patayo at ang binti ay itinatataguyod ng alin mang bagay<br>• Isa itong uri ng halaman na namumunga at maaaring ulamin. |
| 3.bat | • Sports<br>• veterinarian | • para sa isang manlalaro ito ay isang kagamitan sa paglalaro ng baseball.<br>• Para sa isang vet. Isa itong uri ng hayop |
| 4.sawa | • Emosyon<br>• veterinarian | • ibig sabihin ay ayaw na<br>• para sa isang veterinarian isa itong uri ng ahas |
| 5.kita | • business<br>• aksyon | • sa larangan ng business kita ay sweldo<br>• sa aksyon nmn ang kita ay tanaw |

B. Paano mo pahahalagahan ang wikang pambansa?

Pagpapahalaga sa wikang pambansa

Sagot:   unang una pagaralang mabuti

Sagot: pangalawa, gamitin at tangkilin at mahalin

Sagot: at huli ay ibahagi upang mas lalo itong mapaunlad.

**C.**. Bakit mahalaga ang Filipinisasyon ng mga pananaliksik sa iba’t ibang pamantasan?

Ang filipinasyon ay nagpapadali sa larangan ng pananaliksik sa iba’t ibang pamantasan para sa ting mga Pilipino dahil madali nating maunawaan at madali itong gamitin sapagkat ito an gating sariling wika.

D. Ilarawan ang Filipinisasyon ng kulturang Pilipino.

E. Bilang bahagi ng lipunang Pilipino, ano-anong paraan ang iyong gagawin para mapalakas wikang pambansa, mapatibay at mapaunlad ito? (10pts.)

Bilang isang Pilipino, ang mga pamamaraan ko upang mapalakas, mapatibay, at mapaulad ang wikang pambansa ay una, pagaaral nito upang aking mapagaralan ang mga tungkol ditto tulad ng kasaysayan nito, kung paano ito gamitin, tamang pamamaraan ng pagamit nito at iba pa. pangalawa, pagtangkilik at paggamit nito sa pakikipagkomunikasyon, pangatlo, pagbabahagi nito sa kapwa ko Pilipino upang magamit din nila ito sa pakikipagkomunikasyon nila. Panghuli, pagtuturo nito sa mga sumusunod na henerasyon.

## Tandaan Natin:



### Papel ng Wika sa Pagsusuri

Sa pagbabasa, kalimitang nagkakaroon ng suliranin ang mga mag-aaral sapagkat nagkakaroon ng iba't ibang interpretasyon sa nais ipakahulugan ng manunulat. Sa pag-aaral ni Cruz (2003) na binanggit ni Mortera (2018), ang pagkrikritiko sa bayan ay tulad ng pagtawid sa kalye ng Maynila. Pinatutunayan lamang nito na ang ginagawang pagsusuri sa mga nangyayari sa bansa ay pagtitiyak ng interpretasyon kaugnay ng sariling karanasan at kaalaman. Napakaraming Sikolohiya ng paghahambing ang maaaring ilapat sa bagay na ito katulad ng pagkakaroon ng maraming sasakyang maaaring masalubong, masakyan o kaya ay kabanggain ng manunuri bilang tumatawid sa daan.

Sa layong mabigyang interpretasyon at mapahalagahan ang anuman anyo ng teksto (panitikan, balita, isyung panlipunan, kalakaran at mismong tao), isinasagawa ang pagsusuri sa mga ito. Maaaring ang layunin ay ang pag-alam sa layunin ng manunulat, pagtantya sa pinaniniwalaang konsepto, pagkilatis sa mga pangyayari at pagtimbang sa mga nagaganap sa lipunan. Maaaring ang pagsusuri ay politikal at pampanitikan kung nakaugnay sa larang akademiko.

Ang mga sumusunod na tanong ay maaaring gamiting gabay sa pagsusuri upang mahusay na maintindihan ang diwa ng binabasa:

1. Ano ang nais ipabatid ng teksto?
2. Paano ito inilahad?
3. Kailan ito naisulat?
4. Sino ang sumulat?
5. Para kanino ang tema ng teksto?


Ang pagbabasa ng teksto at pagbibigay interpretasyon sa kahulugan nito ay maaaring nasa paraang tekstuwal, kontekstuwal, pagbasa sa subteksto at intertekstuwal.

Tinatawag na **pagsusuring tekstuwal** kung nakapokus ang pagsusuri sa nilalaman at elementong bumubuo rito. Hindi binibigyang pansin dito ang intensyon ng awtor at damdaming namamayani rito.

**Kontekstuwal** na pagsusuri naman kung ang binibigyang-diin ay ang kondisyong (lipunan at kasaysayan) namamayani sa teksto.

Maaaring ikunsidera ang kalagayan, panahon at lipunang kinaroroonan ng manunulat at mambabasa. Binabasa naman ang **subteksto** kapag nakatuon ito sa mga detalyeng hindi hayagang inilahad sa teksto. Mahalaga ang bawat pahayag na nakapaloob sa binabasa upang matagumpay na maintindihan ang diwa nito.

Tinatawag naman na pagsusuring **intertekstuwal** kung iniuugnay ang mga tekstong binabasa sa iba pang teksto. Maaaring ang mga nabasa ng teksto sa una ay nagkakaroon ng pahapyaw na pagkakatulad at makakatulong ang mga ito sa lalong ikalilinaw ng mga pangyayaring may kalabuan sa kasalukuyang binabasa.



**Gawain 2:**
Manaliksik ng isang teksto sa Filipino at suriin ito. Gamitin ang mga gabay na tanong sa pagsusuri.

1. Ano ang nais ipabatid ng teksto?

_nais ipabatid ng teksto ang tungkol sa facebook na nagiging popular ngayon sa larangan ng pagamit ng teknolohiya, nagbibigay ito ng mga impormasyon sa kung saan nagsimula ang facebook, kung paano ito gingamit at kung ano ang nagiging epekto nito sa mga gumagamit.

2. Paano ito inilahad?

Inilahad ito sa paraang informatibo o ang pagbibigay ng mga impormasyon tungkol sa paksa.

3. Kailan ito naisulat?

Isinulat ito noong nobyembre 29,2016

4. Sino ang sumulat?

Isinulat ito ni Lhemuel M. Belleza

5. Para kanino ang tema ng teksto?

Ang teksto ay para sa lahat ng tao na maaaring makinabang sa mga impormasyon tungkol sa paksa.

# Kabanata 2:
## Pagpili ng Batis ng Impormasyon

Wow! Natapos mo ang unang modyul.

Magpatuloy sa ikalawang modyul.

**Pangkalahatang Layunin:**

Maisa-isa ang mga kahalagahan, uri at paraan ng pagpili ng batis ng impormasyon na kailangan sa komunikasyon at pananaliksik.


**Mga Tiyak na Layunin:**

a. Nabibigyang-katuturan ang tinatawag na batis ng impormasyon.
b. Naiisa-isa ang mga uri ng batis ng impormasyon na angkop sa iba't ibang larang.
c. Nailalahad ang kahalagahan ng mga batis ng impormasyon sa komunikasyon at pananaliksik.
d. Nakapagbibigay ng mga pamamaraan sa pangangalap ng datos na angkop sa kulturang Pilipino.
e. Natutukoy ang mga batis ng impormasyong epektibo sa kasalukuyang sistemang pangkomunikasyon.

## Umpisahan Natin: Handa ka na ba?

Kung handa ka na ay punan ang mga kahon sa ibaba ayon sa nakikita sa larawan.

**APAT NA LARAWAN ISANG SALITA**



| s | a | l | i | k | s | i | k |
|---|---|---|---|---|---|---|---|



| a | k | l | a | t | a | n |
|---|---|---|---|---|---|---|

## Tarukin Natin:



Basahin ang isang bahagi ng tesktong hinalaw sa papel na isinulat ni Komisyoner Virgilio

Almario, Punong Komisyoner ng Komisyon ng Wikang Filipino na pinamagatang *Introduksyon sa Pananaliksik.*

## Papel ng Paaralan

Sa paaralan inaasahang pagyayamanin ang karanasan at hilig ng bata sa saliksik. Idinudulot dapat ng paaralan ang isang pormal at organisadong programa na "siksik" sa saliksik. Ang "siksik" ang lundo ng saliksik. Inilalarawan mismo ng salita ang uri at katangian ng isang mahusay na saliksik: siksik sa kailangang impormasyon, siksik sa makabuluhang pananaw at opinyon, at siksik sa maingat at sistematikong pagsusuri. Bai-baitang na nalilinang mula sa batayang edukasyon ang mga kailangang kasanayan at halagahan upang maging mahusay na mananaliksik. Nakatimo dapat ang mga ito sa bawat leksiyong nagpapataas/nagpapatalas sa mga kompetensing pangkomunikasyon at sa mga siyentipikong paraan ng pag-iisip.

Sa paaralan, pangunahing layunin ng kurikulum na magdulot ng isang organisado't komprehensibong patnubay upang maisaloob ng mag-aaral ang isang matatawag na "**kultura ng saliksik**". Makabuluhan ding maipakilala ang kabuuang programang pampananaliksik sa panimulang baitang upang magamit kahit paano ng mag-aaral kahit umalis siya ng paaralan bago matapos ng elementarya. Ang ibig sabihin, ang paguturo ng mga batayang simulain at pamamaraan sa saliksik ay hindi dapat antalain at ipaghintay ng sekundarya. Sa halip, dapat na itong maihasik sa unang baitang. Sa gayon, ang silbi ng dagdag na mga baitang sa pag-aaral ay tungo sa higit na komplikadong gawain at proyektong nangangailangan ng higit na mahabang panahon ng pagtitipon ng datos at pagsisiyasat.

Ang kultura ng saliksik ay hindi rin nalilinang sa pamamagitan lamang ng pagdudulot sa mga batang mag-aaral ng lahat ng modernong kagamitan sa pag-aaral. Hindi ulit may TV o computer sa silid-aralan ay moderno na ang paaralan. Mas mahalaga ang tumpak na pagpapakilala ng mga naturang teknolohiya sa mga musmos. Mungkahi nga ni Toni Gonzalez noong 18 Enero 2016 sa isang sanaysay sa *Philippine Daily Inquirer: Palagay ko'y mas importanteng malaman muna ng mga bata kung paanong mabuhay sa isang pisikal na mundo, kaya dapat silang makinig sa aktuwal na boses ng tao sa halip na boses na recorded, na nasa kalikasan sila sa halip na nanonood nito mula sa projector, at na matuklasan nila kung ano ang bilog sa pamamagitan ng pagsisiyasat sa sining. Naniniwala ako na ang buong kamusmusan ay tungkol sa karanasan at pakikipagsapalaran, pagsisiyasat kung paano nangyayari ang bagay-bagay sa pamamagitan ng pagsubok hawakan ang mga ito.*

Para sa tulad ni Toni, kailangan ang aktuwal na paghawak, personal na engkuwentro, pakikialam, at iba pang paraan ng pagsasaliksik upang higit na maakit ang musmos na kalooban na alamin ang kaniyang paligid, magsuri, magbutingting, maghanap ng sagot, lumutas nang nag-iisa sa problema, palayain ang pandama, at… imahinasyon. Nais niyang mapasidhi ang haraya at maakit maging

malikhain ang bata pagpasok na pagpasok sa silid-aralan. At hindi magaganap ito kung maghapong nakaupo sa takdang silya ang mag-aaral, o nanonood laman sa iskrin, o nakikinig lamang sa titser. Kailangang ibigay ng silid-aralan at ng guro ang lahat ng pagkakataon para siya kumilos, makipag-unahan sa pagsagot o sa paghahanap ng isang liham, at magsaliksik.

Halimbawa pa, ang paggamit ng aklatan ay maaring maipakilala na sa unang baitang. Maaaring gawin ito sa pamamagitan ng isang pagbisita sa aklatan ng paaralan. O pagbasa ng isang aklat pambata hinggil sa halaga ng aklatan. O anumang paraang aakit sa interes ng bata na dumalaw mag-isa sa aklatan. Ang unang pagdalaw sa aklatan ay maaaring magtapos sa pag-alam sa iba't ibang dibisyon ng aklatan o kung paanong nakaayos ang mga libro upang madaling hanapin ng gagamit. Ang susunod na dalaw sa aklatan ay maaaring magkaroon na ng pagtuturo sa aktuwal na paghihiram ng libro, ng wastong paggamit ng kard sa paghihiram, at mga tuntunin sa pag-iingat ng libro. Siyempre, magwawakas ang lahat tungo sa kasanayang magsaliksik sa aklatan, lalo na sa malaking aklatan, at sa sistematikong pagtitipon ng mga sangguniang aklat para sa isang proyekto.

Ginamit kong halimbawa ang paggamit ng aklatan, sapagkat simbolo ito ng isang kumpol ng tunay na problema sa pagtuturo ng saliksik. Una, paano ka bibisita sa aklatan kung walang aklatan ang paaralan? Ikalawa, paano ka magtuturo ng pagmamahal sa aklat at aklatan, kung guro kang hindi nagbabasa ng aklat bukod sa teksbuk? Ikatlo, paano ka magtuturo ng paggawa ng talasanggunian kung guro kang hindi alam ang komposisyon ng kard katalog, o hindi alam ang pagkakaiba ng komposisyon ng talasanggunian at ng talababa? Ang totoo, sa paaralan, pangunahing layunin ng kurikulum na magdulot ng isang organisado't komprehensibong patnubay upang maisaloob ng mag-aaral ang isang matatawag na "**kultura ng saliksik**".



**Gawain 1:** Sagutin ang mga tanong:

1. Saan galing ang salitang saliksik? Ito ay galling sa salitang siksik na ibig sabihin ay paghahanap ng impormasyon tungkol sa isang paksa.
2. Ano ang kultura ng saliksik na kailangang ituro sa paaralan? Ang kultura ng saliksik na kilangang maituro sa mga magaaral ay ang importansya ng pakikinig ng aktwal na impormasyong galing mismo sa bibig tao sa halip ng paggamit lamang ng teknolohiya o silid aklatan upang madali nila itong maunawaan.
3. Bakit kailangang matuto ang mag-aaral ng pananaliksik?

kailangan matutunan ng isang mag aaral ang tungkol sa pananaliksik upang sa gayon ay mas magiging madali sa kanila ang paghahanap ng mga impormasyong kakailanganin nila sa kanilang pagaaral at sa kanilang pang araw araw na buhay.

Basahin ang karugtong na teksto

**Matalinong Pagpili mula sa Iba't ibang Batis**

Ang salitang batis sa wikang Filipino ay may katumbas na *brook* sa Ingles. Ito ay tubig na nanggagaling mismo sa bukal o ang munting ilog na nabubuo dito. Halimbawa, tinatawag na batis ng kasaysayan kung ito ay pinag-ugatan mismo ng kasaysayan. Sa pagkukuwento naman, ang kaalamang-batis ay dumadaloy sa kuwento. Hitik sa kuwentong ito ang mga katotohanan. Maaaring matanto lamang ang pahatid nito kung papaloob ang tao sa kuwentuhan (www.tagaloglang.com).

Mula sa aklat nina San Juan et. al. (2017), ang batis ng impormasyon ay ang pinanggalingan ng mga katunayan na kailangan para makagawa ng mga pahayag ng kaalaman hinggil sa isang isyu, penomeno o panlipunang realidad. Ito ay maaaring maikategorya sa dalawang pangunahing uri: ang primaryang batis at sekundaryang batis. Tinatawag na primaryang batis kung direktang nagmula sa isang indibidwal, grupo o institusyon na nakaranas, nakaobserba o nakapasiyasat ng isang paksa o penomeno tulad ng orihinal na pahayag, obserbasyon at teksto.

Halimbawa ng mga primaryang batis ay maaaring mula sa harapang ugnayan sa kapwa-tao tulad ng pagtatanong, pagkukuwentuhan at panayam o interbyu. Maaari ring magmula sa mga nakaimprentang materyal sa papel na kadalasan ay may kopyang elektroniko tulad ng talaarawan, tesis o disertasyon, sulat sa koreo, balita sa telebisyon, radyo at pahayagan, larawan at talumpati. Nabibilang din sa bahaging ito ang mga nakarekord na audio at video, mnga likhang sining tulad ng pelikula, musika at painting, mga blogs sa internet at online survey.

Tinatawag namang sekundaryang batis kung ito ay pahayag ng interpretasyon, opinyon at kritisismo mula sa mga indibidwal, grupo o institusyon na hindi direktang nakaranas, nakaobserba o nagsaliksik sa isang paksa o penomeno. Kasama rito ang mga account o interpretasyon sa mga pangyayari mula sa taong hindi dumanas nito o pagtalakay sa gawa ng iba (Hinampas, 2016 na binanggit sa aklat ni San Juan, et. al, 2017, pahina 30).

Halimbawa ng sekundaryang batis teksbuk, artikulo sa dyaryo at magasin tulad ng editoryal, komentaryo, sanaysay, manwal at gabay sa pagtuturo, abstrak ng pananaliksik, powerpoint presentation na ginagamit sa pagtuturo at maging ang mga sabi-sabi o kritisismo.

Tandaan, alinman sa mga sekundaryang batis ay pwedeng maging primaryang batis kung ito mismo ang paksa ng pananaliksik. Sa pangkalahatan, sa dalawang uri ng batis, binibigyang prayoridad ng isang

mananaliksik ang primary kaysa sekundaryang batis sapagkat ang una ay nanggaling sa aktuwal na karanasan, obserbasyon o pagsisiyasat ngunit kailangan pa ring pahalagahan ang mga sekundaryang batis dahil maaaring maghain ito ng alternatibong kabatiran sa kaalamang binubuo ng mananaliksik kung ito ay mula sa kinikilalang eksperto.

**Gawain 2**: Sagutin ang mga sumusunod na tanong:

1. Batay sa nabasang teksto, ano-ano ang kahalagahan ng mga batis ng impormasyon sa komunikasyon at pananaliksik? Ang batis ng impormasyon ay mahalaga sa pananaliksik at komunikasyon dahil pinapadali nito ang pagkuha ng mga kailangang impormasyon ng isang mananaliksik, ito rin ang pinanggalingan ng mga katunayan na kailangan para makagawa ng mga pahayag ng kaalaman hinggil sa isang isyu, penomeno o panlipunang realidad.

2. Magbigay ng mga pamamaraan sa pangangalap ng datos na angkop sa kulturang Pilipino.

Paggamit ng mga teknolohiya/gadget upang makakuha ng impormasyon hingil sa isang paksa
Pagtatanong sa mga tao o sa pamamgitan ng interview
Pakikinig sa radio o panunuod ng tv
Pag aaral

3. Ano kaya sa palagay mo ang mga batis ng impormasyong epektibo sa kasalukuyang Sistema ng pangkomunikasyon? Sa kasalukuyang Sistema ng komunikasyon epektibo ang paggamit ng primary na batis ng inpormayon dahil ito ay nagbibigay ng mga pinag aralan at may mga basehan na impornasyon maari ding gamitin ang secondary na batis ng impormayon sapagkat kailangan din ang opinion ng isang tao hingil sa isang paksa.





## Palawigin Natin:

*Ito ay tekstong hinalaw sa papel na isinulat ni Komisyoner Virgilio Almario, Punong Komisyoner ng Komisyon ng sa Wikang Filipino na pinamagatang Itroduksyon sa Pananaliksik, 2016.*

### Mga Uri ng Aklatan

May iba't ibang uri ng aklatan na umusbong sang-ayon sa pangangailangan ng panahon at espasyo. Itinuturing na tradisyonal ang mga aklatan na matatagpuan sa mga unibersidad o ang pagmamay-ari ng estado gaya ng Pambansang Aklatan ng Filipinas. May aklatan naman na may espesyalisayon sa ilang paksa. At mag aklatan ding di-tradisyonal gaya ng *mobile library* at *pop-up library* na medaling ilipat sa iba't ibang pook. Sa katunayan, maraming non-governmental organizations (NGOs) na ginamit ang estratehiya ng aklatan portable para marating ang mga liblib na bayan sa Filipinas at maihatid sa mga kabataan sa probinsiya ang benepisyo ng pagbabasa ng mga aklat bilang alternatibong pamamaraan ng pagkatuto. Narito pa ang paliwanag:




**Akadelikong Aklatan** – ito ang aklatan ng mga unibersidad at kolehiyo. Ang mga aklat na matatagpuan dito ay nakatutugon sa pangangailangan ng mga mag-aaral at propesor sa mga partikular na kurso na mayroon sa unibersidad. Sa malalaking unibersidad, kadalasang may pangunahing aklatan (*main library*) na kakikitahan ng mga sanggunian na pagunahing kailangan ng mga mag-aaral mula sa iba't ibang kolehiyo. Samantala, ang bawat kolehiyo ay may kaniya-kaniya ring aklatan na espesipikong naglilingkod sa mga mag-aaral na kumukuha ng kurso sa naturang kolehiyo.




**Aklatan ng Paaralan** – ito ang aklatan ng paaralan na para sa mga kinder, elemetarya, at sekundarya. Ang mga aklat na matatagpuan dito ay nakatutugon sa pangangailangan ng kurikulum ng batayang edukasyon.

**Publikong Aklatan** – ito ay aklatan na matatagpuan sa mga lalawigan, bayan at barangay at pinamamahalaan ng lokal na pamahalaan. Ang aklatang tulad nito ay naglalaman ng mga pangkalahatang sanggunian para sa pangangailangan ng mga mamamayan, mula sa bata hanggang matanda, sa isang pamayanan. Noong 1994, nilikha ang Batas Republika Blg. 7743 na nag-aatas na magtayo ng aklatan sa mga distrito, lungsod, bayan at barangay sa buong bansa. Ang Pambansang Aklatan ng Filipinas ang mangunguna, sa pakikipagtulungan sa Kagawaran ng Interior at Lokal na Pamahalaan (DILG), sa pagbuo ng aklatan sa mga nabanggit na lugar. Ang isang publikong aklatan ay dapat mayroong mga sangguniang aklat, katulad ng ensiklopedya, diksiyonaryo, mapa, globo, aklat hinggil sa kultura, panitikan, at kasaysayan ng bansa, agham at teknolohiya, at mga sangguniang tutugon sa pangangailangan ng pamayanan. Sa ganitng aklatan, mahalaga ang mga babasahin tungkol sa ating bansa at hindi ang mga aklat na nagmula sa ibang bansa na nagkakalat ng kolonyal na pag-iisip. Ang mga publikong aklatan din ang dapat na nagbibigay ng promosyon sa kahalagahan ng pagbabasa lalo na sa mga bata.





**Natatanging Aklatan** – ito ang aklatan na may tiyak na pinaglilingkurang mambabasa dahil ang mga aklat na matatagpuan rito para sa tanging layunin at tiyak na paksa. Ang ilan sa halimbawa nito ay ang aklatan sa mga ahensiya ng pamahalaan, kung naghahanap ng mga sanggunian sa agrikultura, nariyan ang aklatan ng Kagawaran ng Agrikultura na may mga pananaliksik at publikasyon hanggang sa pagsasaka at iba pang gawain na may kaugnayan sa agrikultura. Bukod sa aklatan ng mga ahensiya ng pamahalaan, may mga natatanging aklatan din na pag-aari ng pribadong kompanya katulad ng Lopez Museum and Library.



**Aklatang Mobile** – sa ibang bansa, tinatawag itong Bookmobile, Bibliobus, Bucherbus. Ita ay sasakyan na naglalaman ng mga sanggunian at materyales na pang-aklatan o anumang serbisyong pang-aklatan na hindi nananatili sa iisang lugar. Sa kasalukuyan, ipinanukala sa Senado at Kongreso ang pagpapabitay ng isang batas para sa mga aklatang mobile.

Nagbibigay naman ng serbisyo ng aklatang mobile ang Museong Pambata.



**Tandaan Natin:**

*Sa kasalukuyan, bahagi na ng pang-araw-araw na buhay ng mga Pilipino ang paggamit sa mga Social Networking Sites. Walang araw na lumilipas na hindi sinisilip ang account sa Facebook, Twitter o Instagram. Hindi kompleto ang araw na walang naipo-post na larawansa mga ito o kaya'y hindi nakikipag-chat sa Messenger. Samakatuwid, maging responsible sa paggamit ng Social Media. Sikaping gamitin ito bilang maaasahang batis ng impormasyon dahil mabilis na ang daloy ng komunikasyon ngayon lalo na sa panahon ng krisis at kalamidad. Huwag gamitin sa maling paraan ang midya bagkus gamitin ito sa makabuluhan at kapaki-pakinabang na daluyan ng impormasyon.*

*Sa kultura naman ng pananaliksik, madali lamang itong yakapin kung patuloy nating pahalagahan ang paggawa nito. Isaisip natin na ang pananaliksik na ating ginagawa ay para sa kapakinabangan ng kapwa-tao. Maging maingat sa pagbibitiw ng salita lalo na kung makasisira ito sa reputasyon at dignidad ng kapwa. Iwasan ang pamamayani ng misinformation o sirkulasyon ng kasinungalingan sa lipunan. Iwasang gumawa o maglathala ng fake news dahil maaari itong magbunga ng kapahamakan at kamatayan.*



**Gawain 3:**

Gumawa ng sariling slogan na Makatutulong sa mga tao sa pag-iwas ng sakit lalo na sa kasalukuyang kalagayan natin. Sikaping maging epektibo ito bilang daluyan o batis ng impormasyon.

COVID 19 AY IWASAN , SARILI AT PAMILYA AY PROTECTAHAN,

**SANGGUNIAN:**

San Juan, David Michael. 2017. Convenor Tangool Wika. https://www.academia.edu/7829211/Position_Paper_Filipino_Language_Culture_and_Literature_in_the_College_Curriculum. Hinango Hulyo 20, 2020.

Teodoro, John Iremil E. 2009. Kasaysayan ng Wikang Filipino. https://.gmanetwork.com/news/news/nation/171158/kasaysayan-ng-wikang-filipino/story/. Hinango Hulyo 20, 2020.

Almario, Virgilio. 2016. Introduksyon sa Pananaliksik.